OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by:
Date: 8/16/23 Time: 3:39pm

# KAPASIYAHAN BLG. 2023-116

**"NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS AT LUMAGDA SA ISANG *COLLECTIVE NEGOTIATION AGREEMENT* (CNA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN AT BUSTOS MUNICIPAL EMPLOYEES' ASSOCIATION (BMEA) NA KAKATAWANIN NG KANILANG PRESIDENTE, G. EDUARDO G. GALVEZ."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Juliet DJ. Dela Cruz**

*Tagapangulo*
Lupon sa Alituntunin, Pribelehiyo, Serbisyo Sibil at Mabuting Pamamahala

---

**SAPAGKA'T**, naghain ng kahilingan ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na mabigyang pahintulot na katawanin at lumagda sa isang Collective Negotiation Agreement (CNA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at Bustos Municipal Employees' Association (BMEA);

**SAPAGKA'T**, ang Bustos Municipal Employees' Association (BMEA) ang kinkilala bilang tangi at ekslusibong kinatawan ng lahat ng *rank-and-file* na empleyado ng Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan;

**SAPAGKA'T**, ang Collective Negotiation Agreement (CNA) ay isang makapangyarihang instrumento ng talastasan sa pagitan ng mga organisasyon ng manggagawa at ng mga *employer*, ang kolektibong pakikipag-usap o negosasyon ay nag-aambag sa pagtatatag ng makatarungan at pantay na mga kondisyon sa trabaho at iba pang mga benepisyo;

**KUNG KAYA'T**, sa pagtataguyod ni **IGG. JULIET DJ. DELA CRUZ** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA,** na bigyang pahintulot ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na katawanin ang Pamahalaang Bayan ng Bustos at lumagda sa isang *collective negotiation agreement* (CNA) sa pagitan ng pamahalaang bayan at Bustos Municipal Employees' Association (BMEA) na kakatawanin ng kanilang Presidente, G. Eduardo G. Galvez.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-14 ng Agosto taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Marie Niña Nikkie Perez, MA**<br>Kasanggguni | **Leo T. Santos**<br>Kasanggguni |
| **Phillip Wryner B. Santos**<br>Kasanggguni | **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasanggguni |
| **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasanggguni | **Soliman C. Santos**<br>Kasanggguni |
| **Wilfredo G. Canoza**<br>Kasanggguni | **John Erick L. Perez**<br>Kasanggguni |
| **Virgilio S. Paglinawan**<br>ABC President | **Angelica DL. Tadeo**<br>SK President |

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-14 ng Agosto taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim